# Dapat Protektahan ng Iyong Pinagtatrabahuhan ang Iyong Kalusugan at Kaligtasan

## Lahat ng Manggagawa ay May Karapatang Pangkalusugan at Pangkaligtasan

Occupational Health Clinics for Ontario Workers Inc.
OHCOW
Mga Pangkalusugang Klinika sa Trabaho ng mga Manggagawa sa Ontario, Ink. .on.ca

# Bilang manggagawa, ikaw ay may karapatang:

✓ Malaman ✓ Makilahok ✓ Tumanggi

## Ikaw ay may karapatang malaman ang mga panganib o hazard sa iyong lugar na pinagtatrabahuhan tulad ng:

- anumang kemikal, produkto, kagamitan o kasangkapan na iyong ginagamit
- mga trabahong ipinagagawa sa iyo
- virus na nagdudulot ng COVID-19

Ang iyong pinagtatrabahuhan ay dapat magbigay ng pagsasanay o training upang hindi ka magkasakit, mapahamak o masaktan: sa paggawa ng iyong trabaho, sa paggamit ng pamprotektang kagamitan at kasuotan, at sa pag-ulat ng mga panganib o hazard.

## Ang bawat manggagawa ay may karapatang makilahok sa usaping pangkalusugan at pangkaligtasan kabilang na ang mga sumusunod:

- magtanong o mag-ulat ng mga panganib
- maging bahagi ng mga talakayan tungkol sa panganib o problemang pangkalusugan at pangkaligtasan sa iyong trabaho
- sumali sa lupon na pangkalusugan at pangkaligtasan ng mga manggagawa at may-ari ng pagawaan; maging kinatawan sa kalusugan at kaligtasan

## Ikaw ay may karapatang tumanggi sa trabahong sa iyong palagay ay mapanganib

- Maaari mong tanggihan ang isang gawain na sa iyong palagay ay mapanganib sa iyo o sa iba pang manggagawa.  Ito ay hindi pagsuway sa iyong amo.

May prosesong dapat sundin.
Tingnan ang aming asul na card na nagpapaliwanag nito.

**Kung mayroong higit sa limang (5) manggagawa sa iyong lugar na pinagtatrabahuhan, dapat mayroong manggagawang kinatawan sa samahan o pinagsamang lupon (manggagawa at may-ari ng pagawaan) na tututok sa kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa.**

...

# Ilegal para sa may-ari ng pagawaan na ikaw ay parusahan (gantihan) kung ikaw ay:

- Nagpahayag ng iyong mga karapatan
- Nakilahok sa mga gawaing pangkalusugan at pangkaligtasan
- Tumanggi sa hindi ligtas na trabaho

Para sa karagdagang impormasyon, tingan ang aming kahel na card o kontakin ang:

## Local Legal Aid Clinic

Hanapin ang pinakamalapit sa iyo:

**1-800-668-8258**

Magtanong kung may nagsasalita ng iyong lenggwahe.

**www.legalaid.on.ca/legal-clinics/**

Makatutulong rin ang mga **Community Group:**

## Occupational Health Clinics for Ontario Workers (OHCOW)

Text, WhatsApp o Tumawag sa: **1-289-684-2821**

Sundan kami sa Facebook **ohcow ag-program**

Mag-eMail sa: **mfw@ohcow.on.ca**
**www.ohcow.on.ca**